# *Aral mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 87*

***"1 Mangagingat kayo na huwag magsigawa ng katuwiran sa harap ng mga tao, upang kanilang makita: sa ibang paraan ay wala kayong ganti ng inyong Ama na nasa langit. 2 Kaya nga pagka ikaw ay naglilimos, ay huwag kang tutugtog ng pakakak sa harap mo, na gaya ng ginagawa ng mga mapagpaimbabaw sa mga sinagoga at sa mga daan, upang sila'y mangagkapuri sa mga tao. Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Tinanggap na nila ang sa kanila'y ganti. 3 Datapuwa't pagka ikaw ay naglilimos, ay huwag maalaman ng iyong kaliwang kamay ang ginagawa ng iyong kanang kamay: 4 Upang ang iyong paglilimos ay malihim: at ang iyong Ama na nakakikita sa lihim ay gagantihin ka." (Mateo 6:1-4 KJV)***

***"Mangagingat kayo na huwag magsigawa ng katuwiran sa harap ng mga tao, upang kanilang makita: sa ibang paraan ay wala kayong ganti ng inyong Ama na nasa langit."(Mateo 6:1 KJV)*** Ang limos ay matuwid na gawain na ibinibigay nating tulong sa isang taong mahirap na nangangailangan. Kapag ipinagkait mo ang paglilimos kung gayon gumagawa ka ng hindi matuwid na bagay sa mga taong karapat dapat dito. Ang mga ito'y matuwid na mga gawa dahil ito'y nakakapagligtas sa buhay ng mga tao at pinapalaya sila mula sa mga suliranin at inilalagay sila pabalik sa isang normal na buhay na sa pamamagitan ng limos sila'y matutustusan at ang kanilang pamilya. Ang mga paggawa ng paglilimos sa pagtulong sa mga tao ay nagdadala ng malaking pagbabago sa buhay ng mga tao na sila'y natulungan.

Ang paglilimos ay binanggit at iminungkahi sa Banal na Kasulatan at nasunod nang maayos ng mga Judio at sa bayan ng Dios at itinuturing na matuwid na gawa. Balikan natin ang mga Banal na Kasulatan na ito na nag uudyok sa atin na magbigay ng limos at tulungan ang mga maralita at nangangailangan:

***"At kung maghirap ang iyong kapatid at manglupaypay sa iyong siping, ay iyo siyang aalalayan na patutuluyin mo, na manunuluyan sa iyong parang taga ibang bayan at nakikipamayan." (Leviticus 25:35 KJV)*** Ang pagbibigay tulong sa isang tao at alalayan siya, na makakasama mo pa upang suportahan siya.

***"Kung magkaroon sa iyo ng isang dukha, na isa sa iyong mga kapatid, na nasa loob ng iyong mga pintuang-daan sa iyong lupaing ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Dios, ay huwag mong pagmamatigasin ang iyong puso, ni pagtitikuman ng iyong kamay ang iyong dukhang kapatid:" (Deutronomio 15:7 KJV)*** Ang awa at habag ang kailangan patungo sa mahihirap upang siya ay mabuhay.

***"Sapagka't hindi mawawalan ng dukha sa lupain kailan man: kaya't aking iniutos sa iyo, na aking sinasabi, Bubukhin mo nga ang iyong kamay sa iyong kapatid, sa nagkakailangan sa iyo, at sa dukha mo, sa iyong lupain." (Deutronomio 15:11 KJV)*** Ang mahihirap na mga tao ay palaging nariyan sa palibot natin, kaya kailangan nating kupkupin ang saloobin ng pagtulong sa mga dukha.

***"Datapuwa't ilimos ninyo ang mga bagay na nasa kalooban; at narito, ang lahat ng mga bagay ay malilinis sa inyo." (Lucas 11:41 KJV)*** Iminungkahi ni Jesus ang pagbibigay ng limos habang nagsasalita Siya sa bahay ng isang Fariseo.

***"Ipagbili ninyo ang inyong mga tinatangkilik, at kayo'y mangaglimos; magsigawa kayo sa ganang inyo ng mga supot na hindi nangaluluma, isang kayamanan sa langit na hindi nagkukulang, na doo'y hindi lumalapit ang magnanakaw, o naninira man ang tanga." (Lucas 12:33 KJV)*** Iminungkahi ni Jesus ang pagbibigay ng limos sa mga dukha habang nagsasalita Siya sa kanyang mga alagad, at sa gayon ay gumagawa para sa kanilang sarili ng mga kayamanan sa Langit.

***"At isang lalake na pilay buhat pa sa tiyan ng kaniyang ina ay dinadala roon, na siya'y inilalagay nila araw-araw sa pintuan ng templo na tinatawag na Maganda, upang manghingi ng limos sa nagsisipasok sa templo;" (Mga Gawa 3:2 KJV)*** Dito ang isang Judio na mahirap na lalaki na pilay ay nabubuhay sa limos dahil hindi niya kayang magtrabaho. Kaya nagbibigay tayo ng limos upang alalayan ang mga tao sa gayong kalagayan na hindi kayang magtrabaho.

***"Ngayon ay may isang alagad sa Joppe na nagngangalang Tabita, na ang kahuluga'y Dorcas: ang babaing ito'y puspos ng mabubuting gawa at ng pagkaawang gawa na kaniyang ginagawa." (Mga Gawa 9:36 KJV)*** Si Tabita ay isang alagad ni Jesus at gumagawa siya ng maraming mabubuting gawa at mga gawang paglilimos. Gumagawa siya ng mga damit at balabal at ibinibigay sa mga balo. Ang pagbibigay sa mga dukha at nangangailangan ay maaring maging pagkain, damit, tirahan, salapi o ibang mga bagay na kailangan nila.

***"2 Isang taong masipag sa kabanalan at matatakutin sa Dios siya at ang buong sangbahayan at naglimos ng marami sa mga tao, at laging nananalangin sa Dios. 4 At siya, sa pagtitig niya sa kaniya, at sa pagkatakot niya, ay nagsabi, Ano ito, Panginoon? At sinabi niya sa kaniya, Ang mga panalangin mo at ang iyong mga paglilimos ay nangapailanglang na isang alaala sa harapan ng Dios." (Mga Gawa 10:2, 4 KJV)*** Ito ay si

Cornelio na isang matuwid na lalaki, na natatakot sa Dios, at nagbibigay ng limos sa mga dukha at iyon ay nagbigay ng alaala sa harapan ng Dios, ibig sabihin naalala ng Dios ang mabubuting gawang ito na ginagawa ni Cornelio. Sa pagbibigay ng limos sa mga dukha, aalalahanin iyon ng Dios para sa iyo at pagpapalain ka.

***"At nang makaraan nga ang ilang mga taon ay naparito ako upang magdala ng mga limos sa aking bansa, at ng mga hain:" (Mga Gawa 24:17 KJV)*** Binanggit iyon ni Pablo nang siya'y pumunta sa Jerusalem ang layunin ng kanyang pagbisita at magdala ng limos sa mahihirap.

Narito ang tukso yaong taong tumutulong ay magiging mapagmalaki at magmataas sa kanyang ginawa at matutukso siyang ipahayag at sabihin ang ginawa niya. Maaaring ito ay ipapahayag niya upang kumbinsihin ang mga tao na siya ay isang matuwid na tao dahil siya'y gumagawa ng matuwid at mabuting mga bagay.

Kaya dito nang siya'y nagsasalita sa Kanyang mga alagad at sa karamihang nakapalibot sa kanta binalaan Niya sila, ***"Mangagingat kayo na huwag magsigawa ng katuwiran sa harap ng mga tao, upang kanilang makita: sa ibang paraan ay wala kayong ganti ng inyong Ama na nasa langit." (Mateo 6:1 KJV)*** Kung tutulong ka lamang upang malaman ng mga tao na tinutulungan mo ang mga tao at ikaw ay mabuting tao, kung gayon iyon ang iyong gantimpala na tanggapin ang papuri mula sa mga tao, ngunit wala kang matatanggap na gantimpala mula sa Dios, ang Ama. Ganoon din ang sinabi ni Pablo noong nagsasalita Siya tungkol sa pag-ibig, ***"3 At kung ipagkaloob ko ang lahat ng aking mga tinatangkilik upang ipakain sa mga dukha, at kung ibigay ko ang aking katawan upang sunugin, datapuwa't wala akong pagibig, ay walang pakikinabangin sa akin. 4 Ang pagibig ay mapagpahinuhod, at magandang-loob; ang pagibig ay hindi nananaghili; ang pagibig ay hindi nagmamapuri, hindi mapagpalalo." (1 Corinto 13:3-4 KJV)*** Ang matututuhan natin sa mga ganoon ay ang pagbibigay upang pakainin ang mga mahihirap dahil lamang sa pagmamayabang at pagpapakita ng pagmamalaki ay hindi maituturing na isang gawain ng pag ibig sa kapwa o pagmamahal at hindi tatanggap ng anumang gantimpala mula sa Dios. Ang maling motibo dito sa pagbibigay ay hahatulan at ang tao ay hindi tatanggap ng gantimpala mula sa Dios Ama ayon sa Salita ni Jesus. Sinabi Niya sa mga Fariseo, ***"sa ibang paraan ay wala kayong ganti ng inyong Ama na nasa langit".*** dahil ipinapahayag ng mga Fariseo na sila'y mga anak ng Dios. Kaya kailangan nating magbigay dahil sa habag at awa sa mahihirap na mga tao na nangangailangan upang magantimpalaan ng Dios.

Binalan tayo ni Jesus na ***"Mangagingat kayo na huwag magsigawa ng katuwiran sa harap ng mga tao, upang kanilang makita."*** Kaya kapag nagbibigay tayo ng limos hindi natin dapat hayaang makita ito ng ibang tao at huwag nating ipaalam sa publiko. Dito ay nagbibigay ng patnubay ang Panginoon kung paano nila kailangang magbigay ng limos,***"2 Kaya nga pagka ikaw ay naglilimos, ay huwag kang tutugtog ng pakakak sa harap mo, na gaya ng ginagawa ng mga mapagpaimbabaw sa mga sinagoga at sa mga daan, upang sila'y mangagkapuri sa mga tao. Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Tinanggap na nila ang sa kanila'y ganti." (Mateo 6:2 KJV)*** Sinabi Niya sa kanila kapag tumulong ka, huwag patugtugin ang pakapak at ipahayag gaya ng mga mapagimbabaw; ang mga Fariseo, na ginagawa iyon sa mga sinagoga at sa mga daan kung saan ang mga tao ay nagtitipon kaya kapag ipinahayag nila maririnig ng mga tao at sa gayon ang kanilang layunin ay hikayatin ang mga tao na sila'y mabubuti upang tanggapin ang papuri mula sa mga tao, bilang sila'y hindi matuwid. Sinabi ni Jesus sa kanila na kung gagawin nila iyon kung gayon ang papuri ng mga tao ang kanilang gantimpala, at wala nang gantimpala mula sa Dios Ama. Hinuhusgahan dito ni Jesus ang maling motibo at tinuturuan ang Kanyang mga disipulo at tinuturuan tayo ngayon na magkaroon ng malinis na puso at malinis na motibo sa pagbibigay, na dapat nating gawin iyon dahil sa pagibig at awa sa mga dukha.

Sinabi ni Jesus, ***"na gaya ng ginagawa ng mga mapagpaimbabaw sa mga sinagoga at sa mga daan,"*** dito ang ibig sabihin may ilang mga taong masasama sila ay naglilimos para mapagtakpan ang kanilang mga kasalanan at maakit ang mga tao sa magagadang bagay na ginagawa nila, sa gayo'y makatakas sila sa mga kritiko ng mga mali at ang mga kasalanan na ginagawa nila. Ang pagbibigay ng limos ay hindi maaring gamitin upang takpan ang mga kasalanan.

Ang ating layunin ng pagbibigay ay hindi dapat pagtanggap ng papuri sa mga tao, maging hindi mula sa mga tinutulungan natin kung hindi mawawalan tayo ng gantimpala mula sa Dios Ama.

***"3 Datapuwa't pagka ikaw ay naglilimos, ay huwag maalaman ng iyong kaliwang kamay ang ginagawa ng iyong kanang kamay:" (Mateo 6:3 KJV)*** Dito ay nagbigay si Jesus ng maraming mga detalye ng kung paanong magbigay ng limos at kung paanong gawin ito nang lihim hangga't makakaya mo na hindi malalaman ng mga tao, kasama na ang mga malalapit sa iyo, na malaman na ikaw ay nagbibigay sa mahihirap. Nang sinabi ni Jesus, ***"ay huwag maalaman ng iyong kaliwang kamay ang ginagawa ng iyong kanang kamay:"***ay isang sagisag na paraan ng pagsasalita upang ipahayag na ang pagbibigay ng limos ay dapat gawin hangga't maaari nang lihim.

***"4 Upang ang iyong paglilimos ay malihim: at ang iyong Ama na nakakikita sa lihim ay gagantihin ka." (Mateo 6:4 KJV)*** Sa gayong paraan ang limos na tulong para sa mahihirap na mamamayan ay magiging lihim, at hindi sa publiko, sapagkat dapat ay ganyan ang itinaksa ng Dios. Ngunit inabuso ng mga Fariseo ang gawaing

iyon para sa kanilang sariling kapakanan at para sa kanilang sariling kaluwalhatian. Kaya naman itinatama rito ni Jesus ang maling gawaing iyon na nagaganap at iminungkahi na gawin ito nang palihim na nangangahulugang maging, at sa paggawa nito, tanging ang Dios Ama lamang ang makakakita ng ginawa mo nang lihim at gagantimpalaan ka Niya nang lantaran; na pagpapalain ka Niya at gagantimpalaan ka nang lantaran na makikita ng mga tao ang Dios at ang Kanyang pagpapala sa iyong buhay.

***"5 At pagka kayo ay nagsisidalangin, ay huwag kayong gaya ng mga mapagpaimbabaw: sapagka't iniibig nila ang magsidalangin ng patayo sa mga sinagoga at sa mga likuang daan, upang sila'y mangakita ng mga tao. Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Tinanggap na nila ang sa kanila'y ganti. 6 Datapuwa't ikaw, pagka ikaw ay mananalangin, pumasok ka sa iyong silid, at kung mailapat mo na ang iyong pinto, ay manalangin ka sa iyong Ama na nasa lihim, at ang iyong Ama na nakakikita sa lihim ay gagantihin ka. 7 At sa pananalangin ninyo ay huwag ninyong gamitin ang walang kabuluhang paulitulit, na gaya ng ginagawa ng mga Gentil: sapagka't iniisip nilang dahil sa kanilang maraming kasasalita ay didinggin sila. 8 Huwag nga kayong magsigaya sa kanila: sapagka't talastas ng inyong Ama ang mga bagay na inyong kinakailangan, bago ninyo hingin sa kaniya." (Mateo 6:5-8 KJV)***

***"5 At pagka kayo ay nagsisidalangin, ay huwag kayong gaya ng mga mapagpaimbabaw: sapagka't iniibig nila ang magsidalangin ng patayo sa mga sinagoga at sa mga likuang daan, upang sila'y mangakita ng mga tao. Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Tinanggap na nila ang sa kanila'y ganti." (Mateo 6:5 KJV)*** Dito si Jesus ay nagsasalita tungkol sa kailangan mong gawin kapag ikaw ay mananalangin. Hinahatulan ni Jesus ang pagsasagawa ng mga Fariseo. Tinatawag Niya silang mga mapagimbabaw, sapagkat inabuso nila ang kaloob ng pananalangin na ibinigay ng Dios na magsalita at makipag-ugnayan sa Kanya, at makinig mula sa Dios; Ngunit ginawa nila ang kanilang panalangin upang makita upang mapabilib ang mga tao. Kaya naman makikita mo sila na ibig nilang manalangin habang sila'y nakatayo sa sinagoga kung saan ang mga tao ay nagtitipon at sa mga sulok ng mga daan kung saan nagtatagpo ang higit sa isang daan, kaya mas maraming tao ang makakatawid at kaya makikita sila ng mga tao na nanalangin. Dito binanggit ni Jesus ang nakatayo hindi nakaupo dahil sa pagtayo ng higit ay makikita sila ng mga tao. Ipinahayag sa kanila ni Jesus kung ano ang matatanggap nila sa huli mula sa kanilang mga panalangin, ang gantimpala mula sa mga tao at hindi mula sa Dios. Na tila hindi diringgin ng Dios ang mga ganyang uri ng mga panalangin dahil nagmula ito sa maling motibo para mapabilib ang mga tao na sila ay makaDios na mga tao. Kaya ipinaibabaw ni Jesus ang mga ito at sinimulang turuan ang Kanyang mga alagad at sa atin ngayon upang iwasto ito.

***"6 Datapuwa't ikaw, pagka ikaw ay mananalangin, pumasok ka sa iyong silid, at kung mailapat mo na ang iyong pinto, ay manalangin ka sa iyong Ama na nasa lihim, at ang iyong Ama na nakakikita sa lihim ay gagantihin ka."(Mateo 6:6 KJV)*** Upang labanan ang maling gawa ng mga Fariseo at ng kanilang maling motibo. Inutusan Niya sila na kapag sila'y mananalangin kailangan nilang pumasok sa kanilang silid at isara ang kanilang pintuan at manalagin sa Dios Ama na hindi nakikita, at kapag sila'y manalangin sa Dios nang lihim, at walang taong nakapalibot sa kanila, magsasalita lamang sila kung ano talaga ang nasa kanilang mga puso at nais sabihin sa Kanya, at ang Dios na nakakakita ng gumagawa nang lihim at nakikinig sa kanilang taimtim na panalangin ay gagantimpalaan sila at ang Kanyang pagpapala ay lilitaw sa kanilang buhay at makikita iyon ng iba.

Kaya dito ang payo ni Jesus ay hindi tungkol sa pagdarasal habang ikaw ay nag iisa o na ipagpalagay mo na pumasok sa iyong silid at manalangin o tungkol sa hindi sa pagtayo at manalangin, kundi kapag ikaw ay nananalangin, huwag manalangin upang makita ka ng mga tao, ngunit upang hayaang marinig ng Dios ang nais mong hilingin mula sa Kanya. Kaya maaari tayong manalangin sa publiko, maaari tayong manalangin nang nakatayo, at maaari tayong manalangin nang palihim sa mga direksyon na ito na pinapatnubayan tayo ni Jesus na sundin na ang ating panalangin ay dapat na nakatuon sa Dios at hindi para sa layunin na makita tayo ng mga tao na nananalangin.

***"7 At sa pananalangin ninyo ay huwag ninyong gamitin ang walang kabuluhang paulitulit, na gaya ng ginagawa ng mga Gentil: sapagka't iniisip nilang dahil sa kanilang maraming kasasalita ay didinggin sila." (Mateo 6:7 KJV)*** Dito si Jesus ay nagpapayo laban sa isa pang gawain ng mga Fariseo na gumagawa ng mahabang panalangin na may pag uulit upang gawin itong mahaba, na bahagi ng kanilang paraan upang hayaan ang mga tao na mapansin sila upang mapabilib sila na sila'y makaDios na mga tao. Sinabi ni Jesus sa kanila, ***"sapagka't iniisip nilang dahil sa kanilang maraming kasasalita ay didinggin sila."*** Iyon ay totoo sila'y narinig ng mga tao at hindi ng Dios, dahil ang iyon ang kanilang hangarin. Itinuturing Niya sila gaya ng mga Gentil, ang mga Gentil na walang pananampalataya sa Dios kundi sa mga tao, dahil ang pananalangin ng mga Fariseo ay upang pabilibin at kunin ang atensyon ng mga tao. Ito ang sinabi ni Jesus tungkol sa mga Fariseo na gumagamit ng panalangin upang ipagmalaki, ***"Sa aba ninyo, mga eskriba't mga Fariseo, mga mapagpaimbabaw! Sapagka't sinasakmal ninyo ang mga bahay ng mga babaing bao, at inyong dinadahilan ang mahahabang panalangin: kaya't magsisitanggap kayo ng lalong mabigat na parusa." (Mateo 23:14 KJV)*** Kaya dito ay sinusumpa ni Jesus ang pagpapakita ng pagmamalaki sa panalangin at nagpapatunay din na hindi tayo dapat maakit na magkaroon ng mahabang panalangin upang mapabilib ang mga tao kundi ang isang taos pusong tapat at dalisay kapag tayo'y mananalangin at iyon ang mas magpapahanga asa Dios.

***"8 Huwag nga kayong magsigaya sa kanila: sapagka't talastas ng inyong Ama ang mga bagay na inyong kinakailangan, bago ninyo hingin sa kaniya." (Mateo 6:8 KJV)*** Pinayuhan pa ni Jesus ang Kanyang mga alagad at pinapayuhan Niya tayo ngayon na huwag dapat tayong tumulad sa kanila, dahil batid ng ating Dios Ama ang ating tunay na pangangailangan at kalagayan bago pa man tayo humingi sa Kanya.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Kaya lumapit tayo ngayon sa Dios at hayaan ang Banal na Espiritu na siyasatin ang ating buhay at ang ating mga puso at ang motibo sa likod ng ating pananalangin at ang motibo sa likod ng ating pagbibigay.
Magsisi tayo kung tayo ay nasa anumang paraan ng kaguluhan hinggil sa turo na itinuturo sa atin ni Jesus mula sa Kanyang Salita tungkol sa pagbibigay ng limos sa mga mahihirap at tungkol sa panalangin.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga patay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong Salita tungkol sa pagbibigay limos at pananalangin, na nagturo sa akin nang malinaw ng iyong mga landas ng kung paanong ipamuhay ang aking buhay para sa iyo at paanong gawin ang mga bagay upang pasiyahan ka.*

*Lumapit ngayon sa Panginoon sa pagsisisi at hayaan ang Banal na Espiritu na siyasatin ang iyong puso.*

*Ipagtapat ang iyong mga kasalanan ng walang kahandaang tumulong sa dukha at kakulangan ng pananalangin. Ipagtapat at talikdan ang iyong mga kasalanan ng pagmamalaki, pagpapakitang gilas, ang iyong masamang motibo sa likod ng pagbibigay ng limos at pananalangin upan pabilibin ang mga tao kaysa paluguran ang Dios. Magsisi sa kasalanan ng paulit ulit na pananalangin. Panginoon ipinagtapat at tinalikdan ang mga sumusunod na mga kasalanan* ________________

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na magbigay ng limos sa mga sumusunod na mga mahihirap na mga tao* ________________

*Ayon sa paraan na aking natutunan ngayon mula sa iyong Salita.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili sa buhay pananalangin na nais mong sundin at isagawa sa aking buhay ayon sa iyong Salita* _________________

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at itakda ang kanilang buhay at puso sa harap mo at tumugon sa iyong Salita at sa turo na natanggap nila ngayon mula sa iyong Salita. Panginoon sagutin ang kanilang mga panalangin at gantimpalaan sila ayon sa iyong mga pangako. Panginoon protektahan sila mula sa kanilang mga kaaway at ibigay ang lahat ng kanilang mga kailangan.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan habang ipinapangko namin ang aming sarili na mamuhay ayon sa iyong Salita at kalooban. Panginoon patnubayan kami na tulungan ang mahihirap at nangangailangan at bigyan kami ng karunungan kung paanong ipatupad ang gayong ministeryo sa aming buhay. Panginoon puspusin kami ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na kailangan naming pumaroon at mag evangelio at maabot ang bagong mga tao, at gumawa ng bagong mga alagad at sanayin ang mas maraming manggagawa upang magtanim ng mga bagong pag aaral sa Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong mga kamay, at ilayo kami mula sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Ang biyaya ng Panginoong JesuCristo, at ang pagibig ng Dios, at ang pakikipagpisan ng Espiritu Santo ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Mga aral mula sa sermon ni Jesus sa bundok Yugto 87. Mateo 6:1-4. Levitico 25:35. Deuteronomio 15:7. Deuteronomio 15:11. Lucas 11:41. Lucas 12:33. Mga Gawa 3:2. Mga Gawa 9:36. Gawa 10:2, 4. Mga Gawa 24:17. I Corinto 13:3-4. Mateo 4:5-8. Mateo 23:14.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com